## Mga Kagamitang Pang-Emergency

Maghanda ng mga damit na pang-emergency o blanket, jacket, sumbrero o maging sleeping bag. Magdala rin ng cash o check at maging barya sa bulsa. Maglagay din ng mga gamit pang kusina tulad ng pambukas ng de-lata, kutsilyo, tasa, plato, at iba pang gamit pangkusina. Huwag kalimutan ang toilet paper, bimpo, sabon, at iba pang gamit para sa personal na kalinisan. Magdala ng radyong de-baterya at siguruhing may ekstrang baterya para sa mga ito.

## Mahalagang Gamit na Pang-Medikal

Para sa mga sanggol, kailangan nila ang kanilang formula o gatas, lampin, botelya, at gamot. Para sa mga matanda na may karamdaman o may gamot pang mentena, huwag kalimutan ang kailangang gamot, denture products, contact lenses, at ekstrang salamin sa mata.

*Sources: Philippine Digest*
*https://ph.images.search.yahoo.com/images*


**Consumer Welfare and Promotion Office**
Department of Energy
G/F DOE Annex Building
Rizal Drive cor. 34th Street
Bonifacio Global City,
Taguig City

Landline: (02) 479-2900
Loc. 329
Tel./Fax:840-2267
Mobile: 0917-5560-759
Email: energy.cwpo@gmail.com


July 2016

DEPARTMENT OF ENERGY

# PAGHAHANDA SA PANAHON NG KALAMIDAD



**Consumer Welfare and Promotion Office**

# Gabay sa Panahon ng Kalamidad

Ang anumang klase ng kalamidad ay maaaring umatake kahit kailan. Ang iba't-ibang kalamidad na ating nararanasan sa paligid dulot ng kalikasan ay ang pagbaha, landslide o pagguho, lindol, at buhawi sa iba't-ibang dako ng mundo at ang terorismo na likha ng tao.

May mga sari-saring impormasyon na ikinakalat ang magkakaibang sangay ng pamahalaan mula sa iba't-ibang dako ng mundo ukol sa mga paghahanda kung may kalamidad.

Ang mga sumusunod ang mga dapat nating tandaan at paghandaan sa panahon ng kalamidad:







## Emergency Kit

Walang nakakaalam kung ano ang mangyayari sa ganitong panahon na may kalamidad. Ang mga mahalagang utilities tulad ng tubig, kuryente at telepono ay maaaring pansamantalang maputol ang serbisyo; o di kaya naman ang tulong o aid na hindi makararating agad. Ito ang iba't-ibang sitwasyon na maaaring mangyari kaya't marapat lang na mayroon kang laging bitbit na emergency disaster kit.

## Tubig

Magtabi ng isang galong tubig para sa bawat tao sa inyong tahanan. Maghanda ng 2 litrong inuming tubig, at 2 litro para sa pagkain at sanitasyon ng bawat tao. Piliin ang mga bagay na maliit o compact, magaan, hindi nasisira at hindi kailangan na ilagay sa refrigerator. Ilan sa suhestiyon ay ang ready-to-eat na de lata, prutas, gulay, juice na nasa lata, asin, asukal, paminta at iba pang spices, high-energy foods, bitamina, pagkain ng sanggol at iba pang pagkain na kakailanganin.

## First Aid Kit

Sa bawat tahanan, kailangang may nakahandang first aid kit. Ang first aid kit ay naglalaman ng gamot o pangunahing lunas na ginagamit kapag may nasusugatan, o kung may nararamdaman na kinakailangan agad ng atensiyon. Ang ilan sa mga ito ay lagnat, pagtatae, pagsusuka, at pagkahilo.